



ABISO SA ILALIM NG AMERICANS WITH DISABILITIES ACT

Alinsunod sa mga iniaatas sa Title II ng Americans with Disabilities Act of 1990 (ADA, Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan ng 1990) ("ADA"), hindi magpapakita ng diskriminasyon ang **Spokane Transit Authority** laban sa mga kalipikadong

indibidwal na may mga kapansanan batay sa kapansanan sa mga serbisyo, programa, o aktibidad nito.

Pagpapatrabaho: Ang **Spokane Transit Authority** ay hindi nagpapakita ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa mga kasanayan nito sa pag-hire o pagpapatrabaho, at sumusunod sa lahat ng regulasyong iniaatas ng U.S. Equal Employment Opportunity Commission (Komisyon sa Patas na Pagkakataon sa Trabaho ng U.S.) sa ilalim ng Title I ng ADA.

Mabisang Pakikipag-ugnayan: Kung hihilingin, maglalabas ang **Spokane Transit Authority** ng mga nararapat na tulong at serbisyo tungo sa mabisang pakikipag-ugnayan sa mga kalipikadong taong may mga kapansanan, kabilang na rito ang mga kalipikadong sign language interpreter, dokumento sa Braille, at iba pang paraan upang makapaglaan ng access sa mga impormasyon at komunikasyon para makalahok ang lahat ng tao nang patas sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng **Spokane Transit Authority**.

Mga Pagbabago sa mga Patakaran at Kasanayan: Gagawa ang **Spokane Transit Authority** ng mga makatwirang pagbabago sa mga patakaran at kasanayan upang tiyaking ang mga taong may mga kapansanan ay mayroong patas na pagkakataong matamasa ang lahat ng programa, serbisyo, at aktibidad nito. Hindi inaatasan ng ADA ang **Spokane Transit Authority** na magsagawa ng anumang kilos na pangunahing magpapaiba sa likas na katangian ng mga programa o serbisyo nito, o magpapataw ng di-makatwirang pasakit sa pananalapi o pangangasiwa, o magdudulot ng tuwirang banta sa kalusugan o kaligtasan ng ibang mga tao. Tatanggihan din ng Spokane Transit ang isang hiling kapag ang customer na may kapansanan ay may kakayahang ganap na magamit ang mga serbisyo, programa, at/o aktibidad ng **Spokane Transit Authority** kahit wala ang hinihiling na pagbabago.

Ang sinumang nangangailangan ng karagdagang tulong o suporta para sa mabisang pakikipag-ugnayan, o pagbabago sa mga patakaran o kasanayan upang makalahok sa isang programa, serbisyo, o aktibidad ng **Spokane Transit Authority** ay dapat makipag-ugnayan, sa lalong madaling panahon, sa:

ADA Officer

Spokane Transit Authority
1230 West Boone Avenue
Spokane, WA 99201
(509) 325-6094
TTY Relay 711 ombudsman@spokanetransit.com

Mga Reklamo: Magpadala ng mga reklamo tungkol sa mga serbisyo ng **Spokane Transit Authority** para sa mga taong may kapansanan kay Emily Arneson, Opisyal para sa Accessibility. Maaaring hindi siyasatin ng **Spokane Transit Authority** ang mga reklamong matatanggap nang lampas na sa 30 araw mula nang mangyari ang hinihinalang insidente.

Hindi magpapataw ang **Spokane Transit Authority** ng surcharge sa isang taong may kapansanan o sa anumang grupo ng mga indibidwal na may mga kapansanan upang masaklaw ang gastusin sa pagbibigay ng mga karagdagang tulong/serbisyo o makatwirang pagbabago sa mga patakaran o kasanayan.